

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY AUDREY GORRICETA
MARCH 26, 2022 (11:01 A.M. – 11:56 A.M.)

AUDREY GORRICETA: Magandang umaga bansang Pilipinas. Sa ngalan po ni PCOO Undersecretary Rocky Ignacio, ako po ang inyong lingkod, Audrey Gorriceta. Ngayong araw ng Sabado muli tayong sasamahan ng mga panauhing ekspertong sasagot sa ating mga katanungan hinggil sa mga usapin para sa ikabubuti ng bayan at ng mamamayan.

Kaya mga kababayan, manatiling nakatutok sa mga impormasyong ihahatid namin sa inyo. Simulan na natin ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Itinaas na ng PHIVOLCS ang Alert Level 3 sa Bulkang Taal matapos maobserbahan ang increasing activity sa nasabing bulkan. Kaugnay niyan, makakausap po natin si DOST Undersecretary at PHIVOLCS Officer-In-Charge Dr. Renato Solidum. Sir, magandang umaga po.

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: [Garbled]

AUDREY GORRICETA: [Garbled] aktibidad ng Taal Volcano. Bakit po itinaas ang Alert Level 3 sa bulkan?

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: Kanina pong umaga nagkaroon po ng tinatawag kaming short-lived phreatomagmatic burst or explosion at [garbled] ito ng [garbled] alas otso singkuwenta’y nuwebe kanina. At ito pong mga pagsabog ay sanhi ng pag-akyat ng magma at interaksyon nito sa tubig diyan sa Taal main crater. Umabot hanggang 1.5 kilometers ang taas ng volcanic plume – ito po ay usok na may kasamang abo at ito ay malakas dahil nagkakaroon po tayo ng records sa mga earthquake detection natin at (unclear).

Dahil po sa ganitong pangyayari, itinaas natin ang alert from 2 to 3 – ibig sabihin mayroong magmatic activity, may magmatic unrest at iyong pag-akyat ng magma ay posibleng magdulot pa ng patuloy na mga eruptions diyan sa Taal Volcano. [Garbled] posibilidad na mas [garbled] iyong mga high-risk barangays ng Bilibinwang at Banyaga sa Agoncillo at Boso-boso, Gulod and eastern part ng Bugaan East sa Laurel, Batangas ay mag-evacuate dahil sa posibilidad ng mga panganib na puwedeng tumama sa kanila dahil ang mga barangay na ito ay pinakamalapit sa isla, ang tubig o ang Lawa ng Taal ay makipot doon sa lugar na nakaharap diyan sa kanilang barangay [garbled] at iyong labi or main crater din ng Taal Volcano [ay] mas mababa at nakaharap sa kanila, parang nakadungaw.

Maliban po doon, iyong mga barangay naman sa paligid ng Taal Lake, wala pong evacuation na kailangan. So kailangan silang magsubaybay sa mga nangyayari sa Taal at maging ready kung sakaling magkaroon pa ng escalation. At from 8:59 po, iyon po ‘yung huling explosion, wala naman pong sumusunod sa kasalukuyan na mga explosion.

AUDREY GORRICETA: Okay. Doc, walang evacuation. Dahil po nagtaas ng alert level ang Bulkang Taal. Ano po ang rekomendasyon ng PHIVOLCS sa mga residente na nakatira malapit sa bulkan? Saang mga lugar o mga barangay po iyong iba pang maaaring maapektuhan nito?

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: Iyong evacuation po kapag Alert Level 3 ay doon lang sa barangays ng Bilibinwang at Banyaga ng Agoncillo at Barangay Boso-boso, Gulod at eastern part ng Bugaan East, Laurel. Maliban po doon sa mga barangay na iyon, wala pong evacuation na kailangan. But kailangang maghanda lamang at i-review together with the local government ang kanilang mga preparedness and evacuation plan.

AUDREY GORRICETA: Okay. Doc, mayroon po bang pamamaraan [garbled] upang [garbled] kung magtatagal o magpapatuloy ang ganitong aktibidad ng Bulkang Taal?

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: Mayroon naman po. Ang Bulkang Taal ay marami pong instrumento [garbled]... natin sa pamamagitan ng tinatawag na electronic stilt na nakabaon sa lupa sa isla at GPS or Global Positioning System. Maliban po diyan, mayroon din po tayong mga camera na nakaikot sa isla at ang isa na nga dito ay sa may crater.

Ang kaibahan po sa kasalukuyang pangyayari sa Taal Volcano kumpara noong January 2020 ay dahan-dahan pong umaakyat ang magma at nasa [garbled]... na nilalabas niya at hindi naiipon sa loob ng magma. Kumbaga hindi na masyadong explosive ang eruptions na nakikita natin compared noong January 2020 kung saan iyong magma sa ilalim ay mabilis umaakyat, hindi na-release ang gas at naipon doon sa loob ng magma na sumabog nang malakas.

Iyon po 'yung kaibahan ngayon at ang kailangan pa naming gawin, bantayan kung may bagong magma na manggagaling sa ilalim at kung gaano siya kabilis umakyat. Kasi 'pag ganito po ang pangyayari na mabilis umakyat ang bagong magma, doon po nagti-trigger ng mas malakas na eruption.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., bilang panghuli po, ano pa po ang inyong paalala sa ating mga kababayan partikular na doon sa mga residenteng malapit sa bulkan?

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: Siyempre po importante po na gamitin ang mask – hindi lang pang-COVID – siyempre pang-iwas sa paglanghap ng abo kung sakali mang may ashfall. Ang ashfall sa kasalukuyan ay sa island lamang at siyempre pananggalang din sa pag-amoy ng asupre na [garbled]. Pag-ingatan ang bulkan habang nag-iingat rin tayo sa COVID-19.

AUDREY GORRICETA: Okay. Maraming, maraming salamat po sa inyong impormasyon DOST Undersecretary at PHIVOLCS OIC Dr. Renato Solidum. Stay safe po, sir.

PHIVOLCS OIC/DOST USEC. SOLIDUM: Okay. Salamat.

AUDREY GORRICETA: Bayan, alamin naman natin ang update sa Bulkang Taal [garbled] nandoon [garbled]:

[NEWS REPORT]

AUDREY GORRICETA: Uhum. Ano iyong nararamdaman ninyo diyan sa San Nicolas? Nakita ninyo may pagbuga, kapag inyo bang tinanggal ‘yung inyong mask eh amoy asupre o normal lamang?

PATRICK DE JESUS/PTV-4: Audrey sa ngayon iyong ganiyan, normal lang naman ano. Wala naman tayong direktang nararamdaman na ashfall mula doon sa may Bulkang Taal. Pero siyempre iyong abiso na nga lamang din ay bukod sa COVID-19, iyong pagsusuot na rin ng face mask ay para dagdag proteksiyon sa posibleng maging epekto [garbled] mula sa may Bulkang Taal. Audrey...

AUDREY GORRICETA: Maraming salamat sa’yo, Patrick De Jesus. Ingat kayo diyan.

Samantala, patuloy rin sa pag-aabot ng tulong at ayuda ang ating gobyerno para sa mga higit na nangangailangan nating mga kababayan. Ating alamin at kumustahin ang mga programa ng Department of Social Welfare and Development kasama si Director Irene Dumlaog.

Magandang umaga po, Director.

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Magandang umaga, Audrey. Magandang umaga din sa lahat ng mga nanunood ng ating programa.

AUDREY GORRICETA: Okay. Director, unahin na po nating pag-usapan ito pong memorandum of agreement na nilagdaan ninyo with DILG and COMELEC, tungkol saan ito at ano po ang layunin ng agreement na ito?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Okay. Audrey, itong nilagdaan na memorandum of agreement ng DSWD, DILG at COMELEC ay nagpapalawig doon sa [MOA na nilagdaan din] noong 2013 na polisiya na naglalayon na maprotektahan iyong mga programa ng DSWD ganon din iyong ating mga benepisyaryo mula sa political interference o political maneuvering ng mga ilang indibidwal o grupo na nagsusulong ng kanilang politikal na agenda lalung-lalo na sa panahon ng eleksiyon o sa panahon ng halalan.

So kagaya ng nabanggit ko, itong kasunduan na ito ay naglalalatag ng mga [polisiya, sistema at] mekanismo upang iyong mga nararapat na mga aksiyon na gagawin, kung magkaroon man ng bayolasyon doon sa mga existing na mga panuntunan natin, ay maisagawa kasama nga po ang mga ahensiyang ito.

AUDREY GORRICETA: Director, may pinagkaiba po ba itong bagong MOA mula sa 2013 MOA between the same agencies known as Bawal ang Epal Dito? Magkapareho po ba ito o magkaiba?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Yes. Audrey, wala namang masyadong pinagkaiba itong tripartite agreement na ito na nilagdaan nga in 2013 at iyong nilagdaan just recently. Pinagtibay lamang po nitong bagong tripartite agreement iyong nauna nang nilagdaan.

In fact doon sa effort natin na mapagtibay pa iyong nauna nang kasunduan dito ay naglalatag tayo dito sa bagong MOA ng isang technical working group o bubuo tayo ng technical working group within 10 days after the signing of this memorandum of agreement upang matiyak nga na iyong mga parameters, iyong mga panuntunan at iyong regulasyon sa pagpapatupad noong layunin na nabanggit ko kanina ay maiimplementa at of course matiyak natin na nasusunod.

AUDREY GORRICETA: Director, payag din po ba ang COMELEC na ma-exempt ang inyong ahensiya sa election spending ban? Ano po ang planong gawin ng DSWD kaya nagsumite ng exemption request?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Yes. Audrey, malugod na tinatanggap ng ating departamento iyong naging [aksiyon] ng COMELEC doon sa ating naunang ipinila na request para nga sa exemption on public spending. Ibig sabihin po nito, makapagpatuloy nang pagpapatupad ng mga iba't ibang programa ng ating ahensiya lalong-lalo na sa panahong ito. Ibig sabihin po niyan, iyong mga programa natin kagaya ng Pantawid Pamilya Pilipino Program, iyong Sustainable Livelihood Program, iyong Kalahi-CIDSS, Inclusive and Sustainable Peace Programs pati iyong ating mga protective services, ganoon din iyong pag-procure natin ng mga information technology equipment, iyong pagsasagawa natin ng support to operation [unclear] at pag-procure din para sa administrative services natin ay magpapatuloy dahil exempted nga ito doon sa prohibition on public spending.

Ibig sabihin po niyan iyong ating mga benepisyaryo kagaya ng sa 4Ps, matatanggap po nila iyong kanilang mga conditional cash grants even during this period.

AUDREY GORRICETA: Director, [may] mga pamilya po na kababayan natin ang apektado ngayon dulot ng matataas na presyo ng mga pangunahing bilihin dulot nga po ng mataas na presyo ng mga produktong petrolyo. Ano naman po iyong mga cash assistance na ipinapaabot ng inyong ahensiya para sa ating mga kababayang nangangailangan at magkano po ang inyong ibinibigay na ayuda?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Well, Audrey, patuloy ang ating ahensiya sa pagpapatupad ng mga iba't ibang programa, iyong ating mga social protection services and responses upang [maipaabot doon] sa ating mga kababayan na lubos po na nangangailangan. Kagaya po diyan iyong ating Assistance to Individuals in Crisis Situation, iyon din pong pagtulong natin sa mga local government units in terms of providing food and non-food items lalo na po doon sa mga kababayan natin na sumasailalim sa matinding kagutuman o krisis o iba pa pong sakuna. Ganoon din iyong iba nating mga regular na programa ay ipinapatupad din po.

[Sa kasalukuyan, nakikipag-ugnayan din] tayo sa Department of Finance upang maisaayos at matiyak na iyong direktiba ng ating Pangulo na makapagbigay nga ng cash subsidy sa panahon na ito ay maisulong natin sa lalong madaling panahon.

Kagaya ng nabanggit ko, tayo ay nakikipag-ugnayan sa ating mga economic managers upang matukoy na natin iyong mga mekanismo at iba pa pong mga institutional arrangements upang maisagawa na natin ito sa lalong madaling panahon.

AUDREY GORRICETA: Okay. Ma'am, may mga datos po ba kayo kung ilang pamilya o indibidwal ang nabigyan ng tulong throughout the current administration?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Well, Audrey, yes may datos tayo hinggil diyan. Kung babanggitin ko lamang, iyon lang Assistance to Individuals in Crisis Situation just last year nasa mahigit P16 billion iyong ating naipamahagi na tulong sa mahigit tatlong milyong mga indibidwal na naserbisyuhan ng ating Crisis Intervention Units across the country. In [2020] naman nasa mahigit P10.5 billion iyan, in 2019 nasa mahigit P5 billion, in 2018 nasa mahigit P5.6 billion din ang ating napamahagi.

Ganoon din naman sa ating supplementary feeding program, just last year nasa mahigit P3.8 billion ang ating nagamit na pondo para diyan sa programa na iyan.

Sa Social Pension for Indigent Senior Citizens, nasa mahigit P23.2 billion din iyong ating naipamahagi sa mahigit 3.4 [million] na mga indigent senior citizens.

Ganoon din naman po sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program, nasa mahigit P96.9 billion ang [na-release] natin nitong nakaraang taon para sa [unclear] million na household beneficiaries.

Sa Sustainable Livelihood Program, nasa mahigit P4 billion din ang ating naipamahagi last year, ganoon din sa Kalahi-CIDSS [unclear] na naipamahagi natin.

Nitong nagdaang 2020-2021, nakapamahagi rin tayo ng ayuda sa mahigit 23 million na mga Pilipino bunsod nga po ng pagkakapasa ng Bayanihan 1 and Bayanihan 2.

So, Audrey, ilan lamang ito ano doon sa napakahabang listahan ng DSWD in terms of its accomplishment in providing the necessary assistance to the poor, the vulnerable and the marginalized.

AUDREY GORRICETA: Bago po matapos ang Duterte administration, ano pa pong mga programa ang kailangang tapusin? Mayroon pa po bang mga pahabol na plano ang DSWD? Ano pang aasahan ng [unclear] sa DSWD?

DSWD DIRECTOR DUMLAO: Audrey, aside from iyong pagpapatuloy natin ng mga social welfare services katuwang ang mga lokal na pamahalaan at ganoon din iyong ibang mga agencies natin, ang atin ding ahensiya ay patuloy na magsasagawa ng mga iba't ibang activities, iyong ating pag-reengineer ng ating mga systems, mga practices and processes habang tayo ay naghahanda [na doon sa full devolution of certain] programs in compliance doon sa Mandanas-Garcia ruling.

So sa kasalukuyan, ang DSWD ay isinasaayos na iyong ating mga plano para sa pagpapasa o pag-devolve o paglipat ng kapangyarihan ng pagpapatupad ng mga social welfare services sa mga lokal na pamahalaan sa ilalim nga ng Executive Order 138 o iyong Full Devolution of Certain Functions of the Executive Branch to Local Governments po.

Kabilang [na diyan] iyong mga nauna kong nabanggit na mga programa kagaya ng Kalahi-CIDSS, Sustainable Livelihood Program [unclear] ganoon din iyong mga Comprehensive Program for Street Children, Assistance to Persons with Disabilities, Assistance to Individuals in Crisis Situation. Ito po ay inilunsad natin katuwang din ang mga lokal na pamahalaan.

Gayun pa man, handa rin ang ating ahensiya na patuloy tayong makapagpahatid ng serbisyo sa ating mga kababayan lalung-lalo na ‘no doon sa mga lubos po na nangangailangan.

AUDREY GORRICETA: Okay. Director, bilang panghuli, ano na lamang po ang inyong mensahe na nais ibahagi sa taumbayan?

DSWD DIRECTOR Dumlao: [Garbled] magpasalamat sa inyong programa at of course binigyang-daan muli ang DSWD para makapagpahatid ng impormasyon sa atin pong kababayan. Makakaasa po kayo na the DSWD will continue to provide maagap at mapagkalingang serbisyo in coordination and consultation and collaboration with the local government units and other national government agencies upang matiyak nga po natin na iyong kinakailangan pong serbisyo para sa mga kababayan po nating nangangailangan ng ating tulong ay maipapamahagi po natin.

Iyon lamang po. Maraming salamat.

AUDREY GORRICETA: Maraming salamat din po sa inyong oras at impormasyon, Director Irene Dumlao ng DSWD.

Samantala mga nawalan ng trabaho at pangkabuhayan noong kasagsagan ng pandemya, nais ni Senador Christopher ‘Bong’ Go na matutukan at bigyang-prayoridad bago matapos ang Duterte administration. Tutukan ang karagdagang detalye sa report na ito:

[VTR]

AUDREY GORRICETA: Libreng trainings para sa mga displaced workers at Overseas Filipino Workers ang handog ng Technical Education and Skills Development Authority para sa mga interesadong matuto ng mga bagong kasanayan na maaaring gamitin sa paghahanapbuhay.

Upang bigyan po tayo ng mga karagdagang impormasyon tungkol dito, makakapanayam po natin ngayong umaga ang TESDA Deputy Director General, Usec. John Bertiz. Usec., magandang umaga po.

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Magandang umaga sa iyo Audrey at sa lahat po ng nanunood sa ating programa.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., nag-aalok po ang TESDA ng training for displaced workers at OFWs. Ano po ang layunin ng programang ito at anu-anong programa or courses po ba ang inu-offer para sa mga interesado?

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Thank you so much, Audrey. Alam mo noong nagsimula ang pandemya [garbled] maabot ang lahat – unang-una diyan iyong TESDA Online Program at

siyempre iyong Kaagapay Para sa mga OFW – alam mo naman, Audrey, mahigit isang milyon ang umuwi. Pero natutuwa tayong ibalita sa ating mga kababayan na out of 1,645,000 halos ang naka-avail ng programa ng TESDA at natulungan natin during the pandemic – ito ‘yung pagbibigay ng bagong kaalaman, kakayahan hanggang sa kabuhayan.

Ito nga po ‘yung isa rin sa mga programa, Audrey, ng TESDA iyong pakikipag-partner sa iba’t ibang national government agency, ganoon na rin sa mga private companies nang makapagbigay tayo ng hindi lamang po pagsasanay at bagong kaalaman, tuluy-tuloy na rin itong programa na ‘to – this is a holistic approach from enrolment to employment. Siyempre mayroon tayong mga iba’t ibang scholarship programs na binibigay sa ating mga kababayan under the STEP program – iyong Skills Training for Employment Program natin.

Iyong ating mga learners na nag-aral halimbawa ng welding, cookery, baking ay bukod sa allowance na natatanggap nila every day, mayroon pa silang toolkit na matatanggap. Halimbawa ikaw ay isang nag-aral ng SMAW [Shielded Metal Arc Welding] or welding courses sa amin ay ito ay magkakaroon ka ng—mabibigyan ka ng welding machine. At siyempre iyong ating mga OFW because of our TESDA Online Program, Audrey, makaka-access sila sa 108 courses online using their mobile phones, iyong kanilang mga kagamitan—I mean iyong mga laptops nila na magkaroon sila ng bagong kaalaman at mga kakayahan dahil nga lang po sa—at mabigyan po sila ng mga pagsasanay through online, kahit saan mang parte ng bansa.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., hindi lang pala training ‘to ‘no, namimigay din pala kayo kagaya ng binanggit mo kanina ng welding machine after matapos ninyo ‘yung kaniyang training course. Gaano naman po katagal itong mga training or courses?

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Audrey, depende po sa mga kursong kukunin nila. Siyempre may mga short courses tayo at mayroon din tayong mga tinatawag na mga NC2 o NC3 so depende ‘to, habang sila ay nag-aaral. Alam mo po, dahil nga po dito sa programang ito at batas na pinirmahan ng ating mahal na Presidente – Universal Access for Quality and Tertiary Education Act – including tech-voc ay mayroon silang natatanggap na allowances na 160 pesos per day. And ganoon na rin iyong internet allowance nila kasi nga because of the pandemic, na-introduce din natin iyong blended learning – dati 60% to 80% of their courses can be taken online tapos iyong actual niya saka iyong assessment is face-to-face at depende po kung ano po iyong kursong gusto nilang kunin.

At nakakatuwa pa nito, Audrey, mayroon na rin tayong mga diploma courses sa TESDA – this is a ladderized program wherein you can have a diploma for three years. Ito po iyong mga hindi pa handang kumuha ng full courses na mga—for example iyong mga electrical engineer natin, mechanical engineer – mayroon na rin po tayong mga ganiyan. Pero ito po’y mga Mechanical Engineering Technology for technology na tatlong taong programa.

Of course nandiyan din iyong enterprise-based training program natin that we are actually helping not only the learners but pati na rin po iyong ating mga industriya lalung-lalo na noong panahon po ng pandemic kasi tumanggap po sila ng mga trainees natin – habang ito ay nag-aaral, tayo po ay nagbibigay ng allowance. At the same time iyong mga company na ‘yan under the

DTS [Dual Training System] Law ay nagbibigay po ng 75% of the minimum wage salary. So kumikita na iyong ating mga kababayan.

And of course, nandiyan din iyong ating mga priority sector. Pagdating po sa food security nandiyan iyong ating agrikultura, sa Build, Build, Build program naman natin iyong construction division.

Of course sa dami rin, Audrey, ng mga nawalan ng trabaho na na-repatriate overseas, iyong mga OFW natin ay may programa po tayo para sa mga IT-BPOs. Nakakatuwa nga eh, mayroon tayong mga dating domestic worker, noong natuto sila or nabigyan sila ng pagsasanay, iyong Contact Center Training Program natin, ay ngayon ay nagtatrabaho na sila sa mga IT-BPOs at the comfort of their own houses or homes. Kasi nga hindi na nila kailangang pumunta pa sa mga opisina ng mga IT-BPOs, iyong mga partner nga natin under Enterprise-Based Training Program and Partnership and Linkages, sila na mismo iyong nagbibigay ng mga laptop or computer sa kanilang [garbled] sila ay mabigyan ng trabaho.

And also isa sa mga good news natin, mayroon na rin tayong mga biometrics-enabled scholarship registration. Dahil nga sa pandemic, enable na natin 'to, ito po para masigurado natin na iyong mga enrollees natin ay namu-monitor natin talaga.

And last March 23, just recently, TESDA has entered into a partnership and MOA na iyong mga tinatawag nating training support funds or iyong allowance nila, noong ating mga learners ay matatanggap na nila through GCash. So naiiwasan na rin iyong problema nila na pagpunta sa bangko or pagpunta sa mga offices ng TESDA para lamang po kumuha ng kanilang allowances.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec. John, para po sa mga kababayan nating nanunood na interesado: Paano po ba ang proseso ng registration para sa mga training na ito? May mga qualifications po ba na kailangang punan bago matanggap ang mga aplikante sa training?

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Audrey, dahil nga sa ating programa, ang TESDA Abot ang Lahat, ultimo iyong mga 16 years old and above ay makakakuha ng programa ng TESDA lalung-lalo na doon sa TESDA Online Program natin. Anyone can avail of this program, magkaroon ng bagong kaalaman, kakayahan hanggang kabuhayan.

So mayroon nga po, nabanggit ko, 108 courses iyan. You can log on to our www.e-tesda.gov.ph ganoon na rin po iyong main website ng TESDA, nandoon po lahat ng programa natin.

At ang TESDA po ay nationwide. Inaabot po natin iyan, even po iyong mga far-flung barangays natin ay nabibigyan po natin ng mga pagsasanay, PWDs, men in uniform, iyong ating mga former rebels at saka mga indigenous people natin ay mayroon po tayong programa. At ito po ay binibigay nang libre sa ating mga kababayan.

At marami pa po tayong bagong kurso na lumabas ngayon, tulad po ng small engine mechanic natin para doon sa mga nagmo-motor natin, para sa mga riders natin and soon, magkakaroon na rin po tayo ng parang iyong sa driving school, ito naman ay para sa safety ng ating mga riders na

i-introduce din natin sa TESDA nang sa ganoon ay magkaroon sila ng sapat na kaalaman at siyempre maging safety iyong kanilang mga pagmo-motor.

Kaya nga po inaanyayahan ko, Audrey, ang lahat ng mga nanunood dito na mag-avail po tayo ng mga pagsasanay, mga free skills training ng TESDA dahil mapapakinabangan po talaga natin ito at mas marami pong job opportunity because of the partnership that we are doing right now in TESDA. Ito po iyong mga area-based and demand-driven program not only here in our country, we are also strengthening the skills training ng ating mga kababayan lalung-lalo na ngayon na nagbukas na ang iba't bang bansa, nandiyan na rin iyong turismo, nagbukas na rin tayo because of the [Alert] Level 1 [status], iyong mga tourism courses natin tulad ng [hilot], iyong mga bartending natin, F&B (food and beverages) ay talaga pong marami na pong nag-i-enroll at marami pong nangangailangan.

Of course, sa overseas opportunities naman po, kahapon ay naka-meeting natin iyong mga grupo ng maritime industry na nagbukas na rin po iyong mga cruise ship kaya tumaas din po ang demand sa ating mga kababayan [to] which, nagbibigay din po tayo ng mga libreng pagsasanay, skills training tulad po ng mga ships catering, cookery which kapag kayo po ay nag-enroll sa mga ibang training center, mahal po iyan. Pero ito po ay ino-offer ng TESDA nang libre in partnership with our TTIs or iyong TESDA Technology Institute at saka po iyong mga TVIs (Technical Vocational Institute) natin, iyong mga private training center.

At marami po tayong mga kurso, magmula po sa computer programming, games, pati po iyong mga online selling natin and entrepreneurship programs and financial literacy in partnership with different stakeholders and private companies na nagbibigay din po tayo ng access to financial resources through our partners in the industry.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec, most of these courses po are done online dahil po ngayon ay may health crisis, pandemya po ngayon. Paano naman po iyong mga practical training courses na kailangan [ng actual na mga task], paano ito isinasagawa?

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Noong pandemic po talaga pong blended learning tayo. 60 to 80% of course was being done online, iyong mga modules po nila and then iyong practical training we limit it as per the IATF regulations. Since [Alert] Level 1 na po tayo ngayon, nagbukas na po tayo 100% ng ating mga assessment lalung-lalo na sa agriculture, constructions and other skills training natin.

Siyempre, tuluy-tuloy pa rin po iyong ating blended learning at mas convenient po kasi ito sa ating mga learners. Iyong mga practical training natin, bukas na po ang mga opisina, mga assessment center, of course iyong ating mga training center nationwide. And you can also access iyong ating mga short courses through online. Tapos may mga YouTube channel din po ang TESDA para matuto naman po tayo kahit nasa bahay lang tayo at gusto natin magkaroon ng mga bagong kaalaman tulad ng cookery, baking, iyong mga natutunan natin. Tinutulungan din po natin silang matuto kung paano palaguin ang kanilang kaalaman.

So, sa lahat po ay very accessible ang mga programa po ng TESDA at itutuluy-tuloy po natin ito. Napakarami pong magagandang partnership tulad po iyong mga programa ni Senator Bong Go

or ng ating mahal na Presidente iyong Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program natin, marami rin po tayong natulungan diyan, iyong mga displaced worker din natin na mga nabigyan. Even the [garbled] program, we are partnering with the local government unit, partnership with DSWD and Department of Agriculture and other government agencies so that we can give training and at the same time access to all their resources and livelihood program po.

Kaya nga po ito ay TESDA Abot ang Lahat, hindi lang po tayo nagbibigay ng kaalaman, we are also giving them access to resources. Sabi nga, give a man a fish and he will live for the day and we teach them how to fish he will live for a lifetime. But not only teaching them how to fish, we even give them the resources and technology and equipment para po lalo nilang mapakinabangan iyong kanilang mga natutunan at napag-aralan.

AUDREY GORRICETA: Alam mo, Usec, iyong mga binanggit mong programa ng TESDA, ang laking pakinabang nito sa mga Pilipinong nawalan ng trabaho. Pero minsan ang problema po natin ay iyong information na mayroon palang ganitong mga programa ang TESDA ay hindi nakakarating doon sa mga kababayan natin lalo na doon sa mga malalayong lugar. In terms po of information dissemination, paano ninyo pinapalawak pa iyong impormasyon na ang TESDA ay handang tumulong sa mga Pilipino?

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Iyan, napakaganda pong katanungan niyan. We are strengthening our presence in the social media at mayroon po tayong mga pages, YouTube channel and we have a regular Saturday TESDA program TV na mismo pong pinu-produce at ginagawa po sa TESDA so that we can able to reach [remote areas]. Of course we are strengthening also our presence in different regions through the different Facebook pages ng bawat region po. [Kaya nga po] sa airport at sa lahat po ng mga opisina wherein pagdating pa lang po ng ating mga kababayan lalo na po during the pandemic binibigyan po natin sila ng mga brochures at kung ano po iyong mga programa ng TESDA na puwede po nilang pakinabangan.

And of course with these kinds of platforms tulad po ng partnership with different networks ay naipapalaganap po natin iyong mga programa ng TESDA. Kaya nga po nakikipagtulungan din po tayo sa mga local government units at dinadala po mismo natin sa kanila iyong mga pagsasanay nang sa ganoon po ay maserbisuhan natin iyong kanilang mga kababayan, agrikultura man iyan, construction man iyan at iba pa po.

Even iyong mga healthcare natin, iyong mga healthcare courses natin na nakakarating po sa mga barangay. We are partnering with them and signing a lot [of partnership with them]. Just for this year, we already signed a memorandum of agreement with more than 30 stakeholders sa government agency and private sector nang sa ganoon po mas mapalaganap natin ang ating mga programa po ng TESDA kasi napakaimportante po.

Alam ninyo po, almost 96% na graduate ng TESDA during the pandemic ay sila po iyong mga may trabaho at may mga pinagkakakitaan.

[Ito po ay] tuluy-tuloy na programa na ginagawa po ng TESDA in partnership with, of course we partner even with congressmen and different municipalities para po nang sa ganoon ay malaman

po nila na mayroon palang mga ganitong programa ang TESDA. Kaya nga po TESDA Abot ang Lahat.

AUDREY GORRICETA: Again Usec, maraming-maraming salamat po sa inyong panahon at sa lahat ng impormasyon na ibinahagi ninyo sa amin ngayong umaga, Deputy Director General Usec. John Bertiz ng TESDA.

TESDA DDG USEC. BERTIZ III: Maraming salamat po.

AUDREY GORRICETA: Mabuhay po kayo, Sir.

Samantala, hindi tumitigil ang ating gobyerno sa paglaban kontra COVID-19 kaya naman patuloy pa rin ang pagbabakuna sa ating mga mamamayan.

Upang himayin ang mga ginagawang hakbang ng pamahalaan para sa sektor ng kalusugan, [garbled]. Good morning po Usec at welcome back po sa ating programa.

DOH USEC. CABOTAJE: Magandang umaga, Audrey at sa lahat ng nakikinig sa programa natin ngayong umaga.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec, ano na po ang mga pinakahuling datos sa bilang ng mga nabakunahan at nabigyan ng booster shots sa ating bansa? Ano ang mga ongoing bakunahan program sa kasalukuyan?

DOH USEC. CABOTAJE: As of March 24, nakabakuna na tayo ng 65.5 million na mga mamamayan natin at naka-11.7 million tayo na booster doses. Tuluy-tuloy pa po ang bakunahan lalung-lalo na iyong mga hindi pa nabakunahan, pagbigyan ng first dose, second dose. At kinakampanya natin iyong mga nabakunahan na ay mabigyan ng kanilang booster shot.

Magkakaroon po tayo ng special vaccination day sa Region XI, Cebu Province and Cotabato City ng March 29 to 31 at sa buong BARMM ng March 30 hanggang April 1 para tumaas ang coverage. Tapos tuluy-tuloy pa rin ang pagtutok natin lalung-lalo na iyong mga probinsiya, siyudad at munisipyo na puwede nang ma-deescalate sa Alert Level 1 'pag nakamit na nila iyong 70% fully vaccinated at iyong kinauukulang percentage ng senior citizen.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., ano na po ang update tungkol sa pamamahagi ng fourth dose o iyong sinasabing second booster shot ng vaccine para sa ating vulnerable sector? Kailan po kaya ito uumpisahan?

DOH USEC. CABOTAJE: Nag-apply na po ang DOH ng amendments sa EUA para sa mga piling bakuna na puwedeng ibigay pang-fourth dose or second booster. Hinahanda na po natin ang ating mga guidelines, patuloy na nakikipagtalastasan tayo sa mga eksperto, inirirekomenda sa mga tinatawag na high risk at vulnerable groups kagaya ng sabi mo, Sir Audrey, ano. Iyong ating A1, iyong workers in frontline health services, iyong ating senior at saka iyong immunocompromised individuals. Uumpisahan na ito kapag na-approve na ang EUA at iyong guidelines. So tinantaniya natin mga last week of April baka puwede nating simulan ito.

AUDREY GORRICETA: Okay. Ito po maraming mga nag-aagam-agam ano. How will you assure our elderly and immunocompromised individuals na muling magpabakuna? Ito iyong mga hesitant na magpabakuna muli.

DOH USEC. CABOTAJE: Kailangan natin na ulit-ulitin na hindi sapat iyong two doses lalung-lalo na sa kanila' no. Nagwi-wane or humihina ang immunity lalung-lalo na sa edad nila, humihina ang proteksiyon so kailangan palakasin ito sa pamamagitan ng additional shot lalung-lalo na sa pagharap natin—paglaban sa Omicron at mga darating pang mga tinatawag nating variants of concern.

[Garbled] showing that mas maraming nagkakasakit nang serious at critical at namamatay na hindi bakunado lalung-lalo na sa mga senior. At sa with booster, may small studies iyong ating mga health facilities na napapababa pa ang tiyansa na maging severe at critical ang ating—at namamatay compared to the fully vaccinated. So tuluy-tuloy pa rin ang ating paghihikayat at pagbibigay ng impormasyon at paglapit ng ating mga serbisyo sa ating mga senior citizens.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., ano naman po ang inyong masasabi, ang inyo pong opinyon tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng yearly vaccination sa ating bansa?

DOH USEC. CABOTAJE: Tinatantiya po ng ating mga eksperto na magiging parang trangkaso na lang. Hindi ba sa trangkaso mayroon tayong tinatawag na yearly flu shot 'no. So 'pag nagkataon 'yan na baka kailangan taunang bakuna, titingnan din. Lahat ba ng population o iyong mga high risk at vulnerable lang? [Garbled]...

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., ano po kaya ang gagawing hakbang ng ating mga health agencies para masigurong masu-sustain ang taunang bakunahan sakaling matuloy po ito?

DOH USEC. CABOTAJE: Iyong tinatawag nating 10-point agenda na nilatag na 'no, ang isang prinsipyo diyan ay iyong accelerate and expand the vaccination program. So nakaayos na rin iyong mga kailangang gawin ng iba't ibang ahensiya. Alam naman natin ang bakunahan ay whole-of-government, whole-of-society kasama na ang private sector. So kailangan natin na palawakin iyong ating mga bakuna center, ilapit iyong mga bakuna center o papuntahin sa mas malapit na bakuna center iyong ating mamamayan, mas mapabilis at mapadali natin iyong mga procedure para magpabakuna sila at alisin natin iyong mga hindi kailangan na restrictions.

AUDREY GORRICETA: Okay. Usec., inaprubahan na rin po ng Food and Drug Administration iyong paggamit ng Sinovac para po sa pediatric vaccination. Ano po ang lumalabas sa mga pag-aaral upang masabing safe itong gamitin sa mga bata? Ito po ba'y reformulated din po ba?

DOH USEC. CABOTAJE: Sir, Audrey, pareho po ng bakuna—kasi iba ang platform, ito 'yung tinatawag nating inactivated 'no. So base sa pag-aaral ng FDA at isinumite na mga data, ang Phase 1 [garbled] clinical trials ay nagpapakita na acceptable ang kaniyang safety at immunogenicity profile, iyong tinatawag na efficacy. Ito ay base sa multicenter, randomized, double-blind placebo-controlled immunobridging phase clinical trial as of December 15, 2021 at

pinakita sa mga pag-aaral na ito na mostly mild and well-tolerated naman iyong side effect at saka mga reaksiyon nito.

AUDREY GORRICETA: Okay. So ngayon po ay inaprubahan na po ito ng Food and Drug Administration. Ano po ang susunod na gagawing hakbang ng DOH?

DOH USEC. CABOTAJE: Inaaral po ng ating Health Technology Assessment Council, alam naman nating independent body ito, tapos maglalabas sila ng rekomendasyon for approval of our Secretary of Health. Nakalatag na iyong ating guidelines, depende sa anong nakalagay sa EUA approval at saka iyong recommendation ng HTAC, puwede na nating ilabas iyong ating guidelines.

AUDREY GORRICETA: Handa na po ba kayo sa magiging reaksiyon ng taumbayan lalung-lalo na po ng mga magulang o guardians sa pagbabakuna ng batang six years old pataas? Paano po ninyo kukumbinsihin iyong mga magulang na ipabakuna ang kanilang mga anak?

DOH USEC. CABOTAJE: Maganda ang unang bugso ng [pagbabakuna] ng 5 to 11 – naka-one thousand plus na tayo ng first dose at naka-nine hundred plus na tayo ng second doses ‘no. Mino-monitor natin iyong mga side effects. Una nating in-orient iyong ating mga health care workers tapos tuluy-tuloy ang ating pagbibigay ng information sa ating mga mothers saka iyong lahat na puwedeng influences.

Tapos nakikita naman natin sa mga picture, iyong mga bata mismo na nagbakuna na nag-i-encourage sa kapwa-bata, sa mga nanay na pinabakunahan iyong kanilang anak ay makikita naman na okay ang pagbabakuna.

AUDREY GORRICETA: Okay. May katanungan lamang po mula sa ating kasamahan sa media. Tanong po ni Nico Bagsic ng ABS-CBN News: Paano daw po tinutugunan ng DOH ang slow booster uptake sa bansa at nalalapit na expiration ng mga bakuna?

DOH USEC. CABOTAJE: Thank you, Sir Nico, for the question. Kaya po dinadala na natin iyong ating vaccination services sa ating mga construction site, sa simbahan, sa ating mga government offices, sa ating mga private companies kasi kung minsan wala silang oras o kaya matagal bago nag-i-schedule iyong kanilang mga vaccination.

So, paiigtingin din natin iyong pagbibigay ng information na kailangan ng booster lalung-lalo na ngayon na complacent ang mga tao, akala nila hindi kailangan pa ng booster, tama na iyong second dose. Pero nakikita sa mga pag-aaral na ang Omicron ay nagresponde sa mga booster. Dahil sa booster doses natin, hindi ganoon ka-severe iyong mga nagkakasakit ng Omicron.

AUDREY GORRICETA: Okay. Muli po, Usec, maraming-maraming salamat po sa inyong impormasyon na ibinahagi ngayong umaga.

Nakapanayam po natin si DOH Undersecretary Myrna Cabotaje.

DOH USEC. CABOTAJE: Maraming salamat.

AUDREY GORRICETA: Samantala, muling nanawagan si Senator Christopher Bong Go na ituloy ng mamamayan ang pagbabayanihan para sa patuloy na pag-recover ng bansa mula sa pandemya. Kooperasyon sa bakunahan at pagsunod sa mga protocols ang kaniyang paalala sa publiko.

Ang detalye sa report na ito:

[NEWS REPORT]

AUDREY GORRICETA: Sa pinakahuling pangyayari sa mga lalawigan, [magbabalita sa atin si Aaron Bayato].

[NEWS REPORT]

AUDREY GORRICETA: Maraming salamat sa iyo, Aaron Bayato.

At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw.

Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Sa ngalan po ni PCOO Undersecretary Rocky Ignacio, ako po si Audrey Gorriceta. Magkita-kita po tayong muli sa susunod na linggo dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center